# MGA PANG-URI AYON SA KAYARIAN / PAGSULAT NG PATALASTAS / BABALA

*Magandang araw sa iyo!*


*Pagkatapos mo ng pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang:*

- *Nagagamit ang iba't ibang pang-uring may ibat ibang kayarian sa paglalarawan ng maaliwalas at magandang kapaligiran*
- *Natutukoy ang paksa/ideya na nasa balita/ulat/ panayam/isyung narinig*
- *Nakasusulat ng mga patalastas o babala nang malinaw*

## Pagbalik-aralan Mo

- **Basahin mo ang diyalogo.**

Ang pangarap kong daigdig




Naunawaan mo ba ang usapan nina Bubuyog at Paruparo?
Anu-ano ang mga pang-uring ginamit sa usapan nina Paruparo at Bubuyog?

- Isulat sa sagutang papel ang mga pang-uri at tukuyin kung ito ay lantay, pahambing o pasukdol.
- Ikaw, sino ang mga kaibigan mo? Alam kong marami kang kaibigan. Paano mo sila ilalarawan? Naisulat mo bang lahat? Kung oo, magaling! Maaari ka nang pumunta sa susunod na gawain. Alam mo, marami na akong iba't ibang lugar na napuntahan. Ikaw, nakarating ka na ba sa ibang lugar? Anu-anong lugar ang narating mo? Paano mo ito ilalarawan?

## Pag-aralan Mo

### Basahin mo ang tula. Sana'y magustuhan at kagiliwan mo.

**Pangarap na Daigdig**



Itong ating bansa'y tunay na biniyayaan
Ng ubod ng gandang angking kapaligiran
Mayaman at malawak na kalikasan
Tunay na dangal ng Pilipinong mamamayan.

Sagana sa isda, malinaw na karagatan
Malalabay na puno ang nasa kabundukan
Ginto at langis makukuha sa minahan
Sariwang hangin ay nalalanghap ng katawan.

Masaya na sana sa ganitong kalagayan
Wala nang mahihiling ang bawat mamamayan
Ngunit biglang nabago ang ating panahanan
Tunay, tao na rin ang siyang may kagagawan

Ngayon bakit patuloy na pinababayaan?
Mabahong basura'y nakakalat sa lansangan
Naubos na ang puno sa ating kagubatan
Maruming-marumi na ang ating katubigan.

Napakalimit ang mga nangyayaring sakuna
Mayaman man at mahirap ay naging biktima
Ngunit bakit parang hindi natin alintana
Sa mga pangyayari hindi mandin nadadala?

Ngayon na ang panahon upang ating simulan
Ating isaisip ang buhay at kapakanan
Paligid natin ay alagaan at bantayan
Taos-pusong pasasalamat sa daigidig na tahanan.

## Talasalitaan

Subukin mong ibigay ang kahulugan ng ilang salita sa tula upang matiyak na naunawaan mo itong mabuti. Isulat ang titik ng angkop na kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa iyong sagutang papel.

1. Ang mag-anak na Santos ay <u>biniyayaan</u> ng dalawang anak.
   A. umampon  C. nagkaanak
   B. nag-alaga  D. nanghiram

2. Namatay ang kanyang anak dahil sa <u>sakuna</u> sa tumaob na bangka.
   A. pangyayaring naging dahilan ng pagkamatay ng tao o pagkasira ng ari-arian.
   B. pangyayaring naging simula ng paglalabanan
   C. pangyayaring nagdulot ng kasayahan
   D. pangyayaring naging simula ng pag-aaway

3. Hindi <u>alintana</u> ng ina ang umiiyak na anak dahil sa gawain sa bahay.
   A. inalagaan
   B. pinakain
   C. pinansin
   D. tinawag

## Sagutin

Tingnan naman natin kung naunawaan mo ang tula. Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Anu-ano ang magagandang nakikita sa ating bansa?
2. Paano nabago ang kapaligiran?
3. Tungkol saan ang tula?
4. Ano sa palagay mo ang epekto ng mga pagbabago sa kapaligiran sa buhay ng mga tao?
5. Paano natin maibabalik ang isang magandang kapaligiran?

Pagpapahalaga

Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong na mapanatili ang magandang kapaligiran sa inyong lugar? Itinapon mo ba ang mga basura sa tamang lalagyan? Ano pa ang iyong ginagawa?

Kasanayan

Basahin ang talata. Isulat ang titik ng paksa / ideya na inilahad ng bawat isa sa iyong sagutang papel.

1. **Ang mga Hayop sa Sirkus**

Nakapunta ka na ba sa isang sirkus? Marahil nakakita ka na ng mga kahanga-hangang gawain ng mga hayop sa sirkus. Makikita rito ang mga elepante na nakasasayaw, nakatatayo sa hulihan o sa unahang paa at nakagagawa ng mga bagay na ipinag-uutos ng tagapagsanay. Hahanga ka rin sa mga mababangis na hayop tulad ng leon at tigre na nakagagawa ng iba't ibang triks. Gayundin ang mga unggoy na nagbibigay ng malaking kasiyahan sa mga manonood.

A. masayang manood sa sirkus
B. maraming hayop sa sirkus
C. iba't ibang triks na magagawa ang mga hayop sa sirkus
D. mahilig manood sa sirkus ang mga bata.

2. **Ang mga Punungkahoy**

Ang mga punungkahoy ay nagbibigay ng oksiheno na lumilinis sa hangin sa ating paligid. Nababawasan ang polusyon sa hangin kapag maraming punungkahoy. Nagsisilbi rin silang panangga sa malakas na hangin kung may bagyo. Ang mga ugat ng puno ay humahawak sa lupa upang hindi sumama sa tubig-baha. Pinagkukunan din ang mga punongkahoy ng prutas, gamot, pataba at iba pang kagamitang pambahay na kailangan ng mga tao sa pang-araw-araw na buhay. Anupat napakaraming tulong ang naibibigay ng mga punungkahoy.

A. kailangan ang punungkahoy sa paggawa ng bahay
B. maraming naitutulong ang punungkahoy
C. napagkukunan ang punungkahoy ng mga gamot at pagkain
D. pumipigil ang mga punungkahoy sa pagguho ng lupa.

Alamin

Basahin ang mga pang-uring hinango sa ating tulang “Pangarap na Daigdig”.

| A | B | D |
|---|---|---|
| mayaman | sariwang | taos-puso |
| malawak | mabahong | |
| sagana | napakalimit | |
| mahirap | | |
| masaya | | |

1. Ano ang kayarian ng mga pang-uri na nasa hanay A?
   Kung ang iyong sagot ay binubuo ito ng likas na salita at walang lapi, <u>tama ka</u>! Ito ay <u>Payak</u>.

2. Suriin ang mga pang-uri sa hanay B. Ano ang kayarian ng mga ito?
   Kung ang iyong sagot ay binubuo ng salitang-ugat na may panlapi, magaling! Tama ka kid! Ito ay tinatawag na <u>maylapi</u>.

4. Muli, suriin ang nasa hanay D. Ano ang masasabi mo sa pang-uri?
   Kung ang iyong sagot ay binubuo ng dalawang salitang pinag-iisa, mahusay kang talaga! Ito ay tambalang salita.

## Isaisip Mo

Kayarian ng pang-uri

- Payak – pang-uring binubuo ng likas na salita lamang o salitang walang lapi.
  Hal. <u>Maputi</u> ang nilalabhan kong damit.
  <u>Marumi</u> ang polo ni Lito dahil sa kalawang.

- Maylapi – pang-uring binubuo ng salitang-ugat na may panlapi.
  Hal. <u>Maraming</u> drayber ang sumama sa tigil pasada.
  <u>Napakasarap</u> ng inihandang pagkain para sa mga panauhin.

- Inuulit – pang-uring may pag-uulit ng salitang-ugat o salitang maylapi. Maaaring ganap o di-ganap ang pag-uulit.

Pag-uulit na ganap

Hal. Masayang-masaya ang mga bata sa kanilang paglalaro.
Maputing-maputi ang kanyang nilabhang damit.

Pag-uulit na di-ganap

Hal. Maasim-asim pa ang mangga dahil hindi pa panahon.
Matataas na ang puno nang muli kong makita

❖ Tambalan – pang-uring binubuo ng dalawang salitang pinag-iisa.
Hal. Biglang-yaman ang babaeng nanalo sa Pera o Bayong.
Taos-puso ang pasasalamat ng mga nasalanta ng bagyo sa mga tulong na ibinigay sa kanila.



## Pagsasanay

**Ilagay sa tamang kahon ang mga sumusunod na pang-uri :**

mahirap, pula, malinaw, magkatulad, nag-iisa, maliwanag, takaw-tulog, masarap-sarap, matabang-mataba, dakila, masayahin, malabung-malabo, taos-puso

Payak na Pang-uri

Pang-uring Maylapi

Pang-uring Inuulit

Pang-uring Tambalan

Ating Isagawa


- Gamitin ang mga sumusunod na pang-uri sa paglalarawan ng maaliwalas at magandang kapaligiran.

  Kaya mo ito, kapatid!

  1. malawak
  2. sariwa
  3. malalabay
  4. hugis-puso
  5. makakapal
  6. napakalinis
  7. matataba
  8. puting-puti
  9. maaliwalas
  10. mabangong-mabango

Isulat

- Nakita mo na ba ang patalastas na ito sa inyong paaralan / pamayanan?




Subukin mong gumawa ng iba pang patalastas / babala upang mapanatili ang kagandahan ng ating kapaligiran. Gamitin ang mga pang-uri sa iyong patalastas / babala.



## Subukin ang Sarili

- Naisagawa mo bang lahat ang mga gawain?
- Alam kong kayang-kaya mo ito. Subukin mo ngayon ang iyong kasanayan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

**A.**


Yaman ng Bansa

Bagama't ang Pilipinas ay maliit lamang, maituturing na isa sa mga bansang sagana sa likas na kayamanan.  Sagana sa yaman-dagat ang malawak na karagatan.  Napakaraming yaman ang makukuha mula sa di-maliparang uwak na mga kapatagan at malalaking troso mula sa kabundukan.  Anupa't ang mga minahan ay mayaman sa ginto, pilak at tanso.

1. Ano ang paksa ng talata?
   - A. mayaman ang Pilipinas sa likas na kayamanan
   - B. malawak ang kapatagan sa Pilipinas
   - C. maraming ginto, pilak at tanso sa minahan
   - D. sagana sa lamang-dagat ang karagatan

Iguhit ang : ⬭ kung ang pang-uri ay payak
△ kung ito ay maylapi
▭ kung inuulit
☆ kung tambalan

2. maliit
3. di-maliparang uwak
4. malalabi
5. mayaman
6. sagana
7. napakarami
8. Gumawa ng babala upang mapanatiling buhay  ang mga ilog



O, kapatid, natapos mo bang lahat ang ipinagawa sa iyo?  Maligayang bati!  Sana'y magkita tayong muli sa susunod na modyul!

Paalam….